# Mga Instruksiyon para sa Utos ng Buong Proteksyon, PO 040

## Kung pinirmahan ng hukom, ang utos na ito ay:

- Magsasabi sa Pinipigilang Tao kung anong paggawi ang hindi pinapayagan at kung ano pang ibang utos ang dapat niyang sundin;
- Magtatakda ng petsa ng pagkawala ng bisa.

## Sumangguni sa klerk ng korte bago punan ang utos.

*Sa ilang korte, pupunan ng hukom ang utos na ito. Sa ibang korte naman, inaasahan kang punan ang utos. Mangyaring sumangguni sa klerk ng korte.*

- Kung inaasahan kang punan ang form na ito, sundin ang mga instruksiyon sa ibaba.
- Maaaring makatulong na magtanong sa klerk ng korte para sa mga serbisyo ng abogado para tulungan kang punan ang form na ito.

## Ihahain ng klerk ang orihinal na utos sa pampublikong rekord ng korte at ipamamahagi ang kopya para:

- Sa Iyo (mga libreng sertipikadong kopya).
- Tagapagpatupad ng batas, upang ilagay sa pambuong estadong database.
- Pagsisilbi sa nasasakdal at sa taong pinipigilan.

## I-print nang Malinaw! Gumamit lang ng Itim o Asul na Tinta.

## Kahon ng kapsiyon (sa ibabaw ng linya):

Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa **Pansamantalang Utos**, PO 002.

## Mga May Bilang na Seksyon

### 1. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa

Kung gusto mong manatili ang utos na ito sa loob ng mahigit isang taon, isulat ang petsa kung kailan mo gustong mawalan ng bisa ang utos. (Halimbawa, kung gusto mong magkaroon ng bisa ang utos sa loob ng 5 taon mula sa petsa ng pagdinig, at ang iyong pagdinig ay noong Ago. 12, 2022, isusulat mo ang Ago. 12, 2027).

- o **Mahalaga!** Ang pagbibigay ng ibang petsa ng pagkawala ng bisa ay hindi garantiya na ipagkakaloob ng korte ang pinal na utos.

### 2. Mga Pagpigil mula sa Utos at Mga Pagkakakilanlang Katangian ng Pinipigilang Tao

- Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa bilang 2 ng **Pansamantalang Utos**.
- **Mahalaga!** Kung gusto mong isuko ng taong pinipigilan ang mga armas, kumpletuhin din ang **Order to Surrender and Prohibit Weapons (Utos upang Isuko at Ipagbawal ang mga Armas)**, form WS 001, at ibigay ito sa korte.

## 3. Pinoprotektahang Partido at Mga Pangalan ng Mga Menor de Edad

- Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa bilang 3 ng **Pansamantalang Utos**.
- Kung nagsumite ka lang para sa iyong sarili, lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon. Kung nagsumite ka sa ngalan ng menor de edad o mahinang adulto, lagyan ng tsek ang naaangkop na mga/kahon.

## 4. Abiso at Pagdinig

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## 5. Batayan at Uri ng Utos

- Seksyon A: Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa bilang 7 ng **Petisyon**, PO 001.
- Seksyon B: Iwan itong blangko. Ang korte ang maglalagay ng tsek sa kahon batay sa kung aling utos ang ipagkakaloob nito.

## 6. Hurisdiksyon

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## 7. Iba pang Kapasiyahan

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## 8. Mga Probisyon sa Proteksyon

- Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa **Petisyon**.
- **Tandaan**: May karapatan kang panatilihing kompidensyal ang address ng iyong tirahan. Hindi mo iyon kailangang isulat sa form na ito.

## 9. Tulong ng Tagapagpatupad ng Batas

Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa **Petisyon**.

## 10. Washington Crime Information Center (Sentro para sa Impormasyon ng Krimen sa Washington, WACIC) at Iba pang Paglalagay ng Impormasyon

Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa **Pansamantalang Utos.**

## 11. Paghahain

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## 12. Paghahain sa Iba

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## 13. Iba pang Utos

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## 14. Pagdinig para sa Pagrepaso

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## Pirmahan ang form

- Pupunan ng hukom ang petsa at oras kung kailan ipinagkaloob ang utos at pipirmahan niya ng kaniyang pangalan.
- Pumirma sa ibaba ng form kung saan sinasabing “Pirma ng Petisyonaryo/Abogado”. Kung ikaw ay kinakatawan ng isang abogado, pipirma siya dito.

## Kalakip A *(kung naaangkop)*

Ang impormasyong ito ay magiging katulad ng nakalagay sa Kalakip A ng **Pansamantalang Utos**.

## Anong mangyayari pagkatapos ng buong pagdinig?

- Kung ipagkakaloob at pipirmahan ng hukom ang iyong pinal na utos ng proteksyon, bibigyan ka ng klerk ng korte ng mga libreng sertipikadong kopya. Ang ilang korte ay maaari ring magpadala ng mga kopya sa iyo sa pamamagitan ng email.
    - Maaari mong hilingin ang bilang ng mga kopya na kailangan mo, sa gayong paraan ay lagi kang makakapagdala ng kopya at makakapagbigay ka ng kopya sa iyong employer, sa paaralan o daycare ng iyong mga anak, o para ipakita sa tagapagpatupad ng batas kung sakaling may mangyaring paglabag, at iba pa.
- Kung ang taong pinipigilan ay hindi nagpunta sa pagdinig at dapat na silbihan, magpapadala ang opisina ng klerk ng kopya ng iyong bagong utos sa tagapagpatupad ng batas para isilbi nila ito sa taong pinipigilan.
- Maaari mong irehistro ang iyong utos ng proteksyon sa WA Protective Order Service. Ang libre at awtomatikong serbisyo na ito ay nagpapahintulot sa iyo na subaybayan ang lagay ng iyong utos ng proteksyon sa telepono o internet. Puwede ka ring magparehistro para mabigyan ng notipikasyon kapag naihain na ang utos. Tumawag sa 1-877-242-4055 o bumisita sa www.registervpo.com.

## Paano ko ipapatupad ang aking utos ng proteksyon?

- Ang iyong utos ng proteksyon ay may bisa sa oras na pirmahan ito ng hukom.
- Sasabihin ng utos kung dapat o hindi dapat isilbi ang kopya ng utos sa taong pinipigilan.
  - Kung nagpunta ang taong pinipigilan sa pagdinig, kadalasang hindi na kinakailangan ang karagdagang pagsisilbi.
  - Kung hindi pumunta ang taong pinipigilan pero wastong isinilbi sa kaniya ang pansamantalang utos ng proteksyon at petisyon, at hindi naiiba ang materyal ng utos ng proteksyon mula sa pansamantalang utos ng proteksyon, hindi kinakailangan ang karagdagang pagsisilbi.
- Kung kinakailangan ang karagdagang pagsisilbi, hindi puwedeng maaresto o malitis ang taong pinipigilan para sa paglabag sa utos hangga't hindi pa sila nasisilbihan.
- Kung hiniling mo na isilbi ng isang opisyal ng pulis ang iyong utos, puwede kang tumawag sa ahensya na nagpapatupad ng batas na responsable para sa pagsisilbi upang malaman kung nasilbihan na ang taong pinipigilan.
- Matapos isilbi ang utos, dapat kang tumawag sa pulis upang isumbong ang anumang paglabag sa utos.
  - Ang pagtawag sa 911 ang pinakamainam na paraan para isumbong ang mga paglabag sa utos.
  - Kapag tumawag ka sa 911, siguruhing mayroon kang hawak na kopya ng iyong utos at, kung posible, kopya ng form ng proof of service (patunay ng pagsisilbi) na nagpapakitang isinilbi ang iyong utos sa taong pinipigilan. (Kung minsan, tinatawag itong “pagbabalik ng paghahain” o “apidabit ng paghahain.”)
  - Mahalaga ring magkaroon ng personal na rekord ng anumang paglabag, kung sakaling gusto mong baguhin o i-renew ang utos.

## Magparehistro para sa mga Awtomatikong Abiso tungkol sa iyong Utos ng Proteksyon:

Gaya ng ipinahihintulot ng RCW 36.28A.410, ang WA VINE Protective Order ay isang awtomatikong serbisyo na nagpapahintulot sa iyo, ang petisyonaryo, na subaybayan ang lagay ng utos ng proteksyon sa telepono o internet. Puwede ka ring magparehistro para maabisuhan sa pamamagitan ng telepono at email tungkol sa mga pagbabago sa lagay ng utos ng proteksyon. Kung nagparehistro ka para sa notipikasyon, makakatanggap ka ng mahahalagang notipikasyon kaugnay ng lagay ng pagsisilbi sa iyong utos ng proteksyon , isang babala ng pagkawala ng bisa sa loob ng 90 araw, at notipikasyon kung tinangka ng taong pinipigilan sa iyong utos na bumili/maglipat ng baril habang pinagbabawalan siya at hindi inaaprubahan.

Para ma-access ang impormasyon ng nagpoprotektang utos, tumawag sa 1-877-242-4055 o bumisita sa www.registervpo.com.

## Huwag lamang umasa sa WA VPO para sa iyong kaligtasan. Kung sa palagay mo ay nanganganib ka, tumawag sa 9-1-1.